PAGPAPASURI:
GABAY SA MGA HAKBANG PARA SA ASYMPTOMATIC TESTING

Magpapasuri ka para sa COVID-19 ngunit hindi mo alam kung ano aasahan? Normal lang na makaramdam ka ng pagkabalisa o pagkahindi sigurado pantungkol dito. Ang aming mabilisang gabay ay tinatanggal ang misteryo sa proseso. Ang pagpapasuri ay dapat na madali at hindi masakit. Narito ang dapat mong malaman.

Ang mga sumusunod na hakbang ay sinadya para sa mga taong walang sintomas at natukoy na oras na upang magpasuri. Ang mga rason upang kailanganin ng magpasuri ay kinabibilangan ng paglalakbay, pagpunta sa mga salu-salo na ginanap sa loob ng isang lugar o nakalimutan ang pagsuot ng mask o malapitang pakikipagtrabaho kasama ang iba. Kung ikaw ay mayroong mga sintomas o malapitang nakipagsalamuha ka sa isang tao na kamakailangang natagpuang positibo sa COVID-19, tawagan ang iyong doktor o kagawaran ng kalusugan para sa espesipikong mga tagubilin.

1 **Maghanap ng lugar na kung saan maaaring magpasuri sa inyong lugar.** Ang pagpapasuri sa COVID-19 ay makukuha ng libre sa buong bansa at sa mga lugar ng pagsusuri sa mga komunidad, mga ospital at mga sentro ng kalusugan, sa ibang mga tindahan at mga botika. Madaming mga komunidad ang nag-aalok din ng mga pop-up testing clinics sa espesipikong mga araw. Ang ibang mga employer o mga kampus ng kolehiyo ay nagsimula na sa on-site screening testing para sa mga empleyado at mga estudyante.

Upang malaman ang mga opsyon sa pagsusuri na mayroon sa inyong lugar:

- Tawagan ang iyong doktor o tanggapan ng pangunahing pangangalaga at tanungin ang patungkol sa mga opsyon sa pagsusuri
- Hanapin sa internet gamit ang terminong “free COVID-19 testing near me”
- Bisitahin ang website ng inyong kagawaran ng kalusugan sa estado o rehiyon at hanapin ang impormasyon patungkol sa pagpapasuri sa COVID-19. Madaming mga estado ang mayroon ng mga online screening form na maaaring magbigay sayo ng paunang pag-apruba para sa asymptomatic testing.
- Bisitahin ang HHS.gov at pindutin ang Community Based Testing Sites
- Tumawag sa lokal na botika o sentro ng kalusugan sa inyong lugar at humingi ng tulong sa paghahanap ng libreng lugar para sa pagpapasuri

Siguraduhin na ang lugar para sa pagpapasuri ay nag-aalok ng mga diagnostic test, kung saan masasabi sa iyo kung mayroon kang aktibong impeksyon ng COVID-19. Mayroong dalawang kategorya ng mga diagnostic test: molecular (o PCR) tests at antigen tests. Ang pareho ay ligtas at madaling gawin.

Tandaan: Mayroon pa ring pagkalito sa kung sino ang nararapat na magpasuri. Kung ang lugar para sa pagsusuri ay nagsabi sa iyo na sinusuri lamang nila ang mga taong may sintomas, sumubok ng iba pang lugar.

2 Gumawa ng appointment. Madaming mga lugar para sa pagsusuri ay nangangailangan ng maagang pagpapa-appointment, puwedeng online o sa pamamagitan ng pagtawag. Nakadepende sa hiling ng rehiyon para sa pagsusuri ng COVID-19 kung gaano ka kabilis makakakuha ng appointment, kaya mag-book ng maaga. Maging handa sa pagsumite ng mga pangunahing impormasyon para sa pakikipag-ugnayan at pagsagot ng mga simpleng katanungan patungkol sa iyong kalusugan.

Karamihan ng lugar sa U.S. ay hindi mo na kailangan magbayad ng asymptomatic test]sa COVID-19 kahit na ikaw ay hindi insured. Mas mainam na ito'y ikumpirma muna bago gumawa ng appointment.

. **3 Magplano ng maaga.** Pagkatapos mag-book ng iyong appointment, hanapin ang address upang masigurado kung paano ka makakapunta sa lugar ng pagsusuri. Kung ikaw ay gagamit ng pampublikong sasakyan, i-tsek ang iskedyul ng bus at tren at alamin kung gaano katagal ang iyong kakailanganin para sa biyahe. Ang ibang mga lugar para sa pagsusuri ay maaaring nasa labas, kaya i-tsek ang panahon at magdamit ng naaayon dito.

Kung ikaw ay nagbook ng appointment online, i-tsek ang email na nagsasaad ng kumpirmasyon at basahin ito para sa mga espesyal na tagubilin.

4 Dumating sa lokasyon ng pagsusuri: Depende kung saan ka nakatira, ang mga lugar para sa pagsusuri ay karaniwang nasa mga katergoryang ito:

- Drive-through sites ay pinapayagan kang manatili sa iyong kotse sa durasyon ng proseso ng pagsusuri.
- Walk-up (o pop-up) sites ay nasa labas at karaniwang nasa parte ng bayan na madaling puntahan. Ang mga tao ay maglalakad papunta sa iba't-ibang istasyon ng pagsusuri.
- Pagsusuring on-site ay kinabibilangan ng pagsusuri sa loob ng isang klinikang pangkalusugan, botika o iba pang pasilidad.

Pagkatapos dumating, hanapin ang mga tao o mga palatandaan na nagdidirekta sayo kung saan susunod na pupunta. Upang protektahan ang iyong sarili, ang ibang mga parokyano at mga health worker, dapat ay ika'y nakasuot lagi ng mask hangga't hindi sinsabi na tanggalin ito.

5 Magpa-swab: Ang mga diagnostic tests ay gumagana sa pamamagitan ng pag-analisa sa mga sampol na kinuha mula sa iyong ilong, bibig o lalamunan.

Habang nasa pagsusuri, ang isang propesyonal sa kalusugan ay magsaswab sa loob ng iyong ilong, iyong lalamunan o iyong pisngi. Ito ay mabilis at hindi masakit na proseso. Sa ibang mga sitwasyon, isang mas malalim na swab mula sa pinakalikod ng ilong ang kinukuha, ngunit ang ganitong paraan ng pagsusuri ay nagiging hindi pangkaraniwang para sa mga asymptomatic tests. Minsan, sasabihan ang mga tao na magkolekta ng mga sarili nilang sampol habang ito'y inoobserbahan ng isang propesyonal sa kalusugan. Nakakatulong ito sa pagbawas ng kontak sa pagitan ng mga tao.

Ang ibang mga bagong pagsusuri ay nangangailangan lamang ng sampol ng laway, kung saan ginagawa dito ang pagdura sa isang lalagyan o pagkuha ng swab sa bibig na puwedeng gawin sa bahay.

6 Kunin ang iyong mga resulta: Ang mga tiyak na pagsusuri ay mabilis naglalabas ng mga resulta sa loob ng iilang minuto hanggang sa iilang oras. Ang ibang pagsusuri ay maaaring umabot ng ilang araw upang maproseso. Kung ikaw ay hindi agad na nasabihan, ang isang tauhan ay mage-email, tatawag sayo o sasabihan ka na i-tsek ang isang online portal upang makuha ang iyong mga resulta. Ang mga laboratoryo ay inuuna ang mga may positibong resulta at susubukan nilang makausap agad ang mga taong ito hangga't maaari, kaya siguraduhin na sagutin mo ang mga hindi kilalang tumatawag sa iyo.

Kung kailangan mong mag-antay para sa mga resulta at patuloy kang walang sintomas, ikaw ay maaari ng pumasok sa trabaho o sa paaralan at magpatuloy sa mga karaniwang mga aktibidad na nasabi sa panahon ng pandemya. Mahalaga na ipagpatuloy nating lahat ang pag-praktis ng mga araw-araw na hakbang sa pag-iwas, tulad ng tamang paghuhugas ng kamay, pisikal na pagdidistansya at pagsuot ng mask.

7 ¿Qué pasa si obtiene un resultado positivo?

Si obtiene un resultado positivo, alguien del departamento de salud o del consultorio médico lo llamará y le dará instrucciones específicas. Recuerde que entre el 20 y el 40 por ciento de las personas que tienen un resultado positivo para el COVID-19 nunca presentan síntomas, y de las que sí desarrollan síntomas, la mayoría tiene una enfermedad leve y puede recuperarse en casa sin atención médica. Si usted obtiene un resultado positivo, es fundamental que se quede en casa y se separe de cualquier persona con la que vive. También ayude a su departamento de salud a averiguar quién más podría haber sido infectado al responder preguntas acerca de las personas con las que ha tenido contacto recientemente.